REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

**SANGGUNIANG BAYAN**

KAPASIYAHAN BILANG 95-219

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG PAGKAKALOOB NG TULONG-PINANSIYAL NA HALAGANG DALAWANG DAANG LIBONG PISO (P200,000.00) SA LALAWIGAN NG ORIENTAL MINDORO NA MALUBHANG SINALANTA NG MALAKAS NA LINDOL.

************************************************************

Ipinanukala nina : KGG. ROGER C. SMITH
KGG. MELCHOR R. TEVES

************************************************************

SAPAGKAT, ang Lalawigan ng Oriental Mindoro ay lubhang sinalanta ng malakas na lindol na ikinasawi ng maraming mamamayan, pagkasira ng mga ari-arian at pagkawasak ng mga ipinagawang inprastraktura tulad ng mga tulay at lansangan na labis na nakaapekto sa ekonomiya ng lalawigang ito;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lalawigan ng Oriental Mindoro ay nagsasagawa ng malawakang pagsasaayos (rehabilitation) ng mga sinira ng lindol na mangangailangan ng pinansiyal na tulong upang kaagad na maisagawa ang mga ito;

SAPAGKAT, ang pagdadamayan ay isang mabuting katangian ng bawat Pilipino, ang pagkakaloob ng kusang tulong sa abot ng kakayahan nito sa mga nangangailangan at nagigipit;

SAPAGKAT, ang Gobernador Rodolfo G. Valencia ng Lalawigan ng Oriental Mindoro ay nanawagan sa iba't-ibang ahensiya ng pamahalaan, sa mga pinuno ng lokal na yunit ng pamahalaan, sa mga pribadong sektor at sa iba pang mapagkawanggawang mga mamamayan na tumulong sa rehabilitasyon ng kanilang lalawigan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa mosyon ni Kagalang-galang Roger C. Smith at pinangalawahan ni Kagalang-galang Melchor R. Teves ay pinagpasiyahan ang pagkakaloob ng tulong-pinansiyal na halagang P200,000.00 sa Lalawigan ng Oriental Mindoro na sinalanta ng malakas na lindol.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng mga bumubuo ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang ika-122 regular na pulong na ginanap ngayong Marso 6, 1995 sa silid-pulungan ng People's Center, Muntinlupa Kalakhang Maynila.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

(Absent)
KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

(Absent)
KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
Kinatawan ng Sektor
Panggulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan